IBAYONG LUGAR NG KABUKTUTAN

F.L. Coronado

Copyright © 2026 by Francois Louis Coronado

This work Ibayong Lugar ng Kabuktutan is licensed under the Creative Commons Attribution–NonCommercial–NoDerivatives 4.0 International License (CC BY-NC-ND 4.0).

To view this license, visit: creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/

This book is also available digitally, visit: https://archive.org/details/ibayong-lugar-ng-kabuktutan

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, without permission from the author, except for citation, review, and noncommercial academic use.

Published in the Philippines by Francois Louis Coronado

Metro Manila, Philippines

Contact us: pilosoporma@gmail.com

First Edition, 2026

Printed in the Philippines

1

Bandang alas tres ng madaling araw, bata pa ang gabi, kung kailan hindi pa matanaw ang araw, ang kalangitan ay nababalutan ng liwanag ng buwan, ni walang kahit anong bagay na makita sa paligid, ang duty ng isang tinedyer na lalaki sa gabing ito ay nagwakas, na tila ang kasalukuyang estado ng labas ay nagbibigay ng hindi magandang pakiramdam sa kanyang utak na puno ng bagabag. Mabusising lumabas ito mula sa convenience store na pinagtatrabahuhan, kasama ang ka-trabahong kapwa nagtapos din ng kanyang duty sa araw na nakalipas. Sa mas madalas kaysa sa karaniwan, sumambit na ang ka-trabaho nito ng paulit-ulit na pangungusap na halos ma-urat na ang kabadong lalaki sa bawat marinig ito.

"Siguraduhin mong magkikita tayo bukas—"

"Oo na... Para namang may bago sa ganap natin araw-araw." Pagputol sa sinasabi nito.

"Naninigurado lang naman, tol! Tsaka huwag ka'ng sumusuot sa kung saan-saan, tandaan mo na hindi ka espesyal." Napahimas ang dalawa sa mga braso sa naramdamang humaplos na sariwang hangin na walang takot kung gumala sa katakot-takot na dilim ng paligid.

"Sa lamig na'to, 'di ko na babalakin pang gumala, at dumeretso na lang pauwi. Nanunuyot na nga yung bibig ko dahil sa bwisit na dispenser natin—walang laman yung galon, jusko. Tas nanginginig pako sa pagha-hypogly."

"Sabi ko naman kasi sa'yo, ililibre na kita ng tubig sa shop, nag-inarte ka pa talaga. Pinagmumukha mo naman akong umaasa sa kapalit e."

"Hindi sa ganu'n! Ikaw na nga mismo ang nagsabi, hindi ako espesyal... Okay sana kung syota mo'ko, ako pa mismo manghihingi sa'yo ng pangkain ko." Depensa nito, habang may bahid ng pagsisisi sa boses.

"Ewan ko sa'yo! Basta aasahan ko'ng madatnan ka mamaya sa shop ah?" Daig pa ang sariling pamilya kung mag-alala ang ka-trabaho, kulang na lang maghalikan sila bago tuluyang magpaalam.

"Oo na! May utang pa aga ako kay Eunice e. Di naman pwedeng takbuhan ko 'yun."

"Pwedeng pwede kaya!" Pabirong hirit nito.

"Gagu!" Lumakad papaalis ang lalaki, na siyang pinagmamasdan ng ka-trabaho nito bago tuluyang bumalik sa parking ng bisikleta sa labas ng shop at sumakay, saka

tuluyan ding lumisan.

2

Gabundok ang naka-dagan na nag-iisang emosyon, ang pagkabog ng dibdib na natatanging humuhukay sa lalim ng pagkaunawa ng lalaki sa bawat hakbang na tinatahak pauwi sa kanila. Wala pang isang kilometro ang layo, eh kaso nakalimot na naman uminom ng gamot, halos mamatay tuloy sa sariling guni-guni ang nangungulilang nilalang ng Barangay nila. Kung minsan ay nawawala ang Barangay sa sariling pananaw na "tamang daan" na tinahak ng lalaki, kaya't kulang ang pagtataka sa pangyayaring hindi kailanman gustong asahan ng kahit sino para sarili nila. Walang ambag ang reyalidad sa taong gustong paniwalaan ang sarili niyang pananaw ng totoong reyalidad base sa nakakapa ng bawat pakiramdam ng katawan.

Gumulat ang isang asong gala na nakabantay sa galaw ng lalaki habang inaamoy ang paligid para sa pagkaing tinatamasa, normal na ang aspin na gumagala sa pakurbang tahimik na kalye papunta sa Barangay kuwatro-siyentos bente, kung tawagin pa nito ng lalaki ay mga "*asukal*", sa tamis ng naidudulot ng presensya nito sa kanya. Halos nabubuhay na lang siya para magkaroon ng regular na pagkain ang bawat aso sa lugar na dinadaanan niya. Ngunit hindi tulad ng bawat asong minamahal ang mga pusang nakikita niya sa labas, tila mortal na kaaway niya ang mga *puspin* at walang kasiguraduhan sa sarili kung ano ang magagawa kung nakaramdam siya ng puspin na lumapit sa katawan niya, mula sa matinding takot at pandidiri, nagawa nang sipain ni Roland ang isang kuting na nagtangkang makikain noon sa pinamigay niyang mga buto sa aspin na siyang ikinatakot din at simula nung

nangyari, hindi na muli pang nagkita ang dalawa.

Nang mapansin ang aso, dumukot ito sa backpack na karga ng likod 1niyang nagkanda-kuba na sa dalas ng pagbitbit nito. Paglabas ng kamay ay may hawak itong plastik na nagpa-alerto sa pang-amoy ng aso, pinunit niya ang plastik saka nahulog ang nagsisiksikang mga tira-tirang buto ng manok, isa-isang nahulog sa kalye, para solohin ng aso na sa mga darating na panahon ay paniguradong wala pa rin itong magiging kaagaw sa nadatnang piyesta. Kung tao siguro ang aso ay kitang-kita na abot langit ang ngiti nitong ipinamalas sa mga mata ng lalaki, na halos matunaw na ang sirang puso sa nakitang kagalakan ng pinapakain. Kulang na lang ay ampunin na niya ang kahit anong asong makita sa daan, halos magmukha pang basurero sa sariling trabaho para lang pagpilian ng pagkain ang mga

makakasalubong na aso sa mga nagdaan at dadaan pang mga araw.

"Hilig niyo talaga mang-gulat, Koy! Jusko ka!" Sambit ng lalaki habang nanginginain lang at tila walang naririnig ang aso. Maya-maya'y lumisan na din ang lalaki, at nagtungo sa natatanging tindahan na bukas malapit sa isang kabaret na mas matatag pa sa buhay ni Aguinaldo sa tinagal nito matapos makaranas ng dalawang giyera sa bansa, ang pangalawang giyerang pandaigdig, at batas militar. Tumungo ang lalaki at kinatok ang kahoy na foundation ng tindahan.

"Te.... Te!..." Tila walang tao sa loob. Umulit ng katok, wala pa ring sagot. Hanggang sa naisipan niyang hindi na lang tumuloy sa pagbili, sa dinami-dami pa talaga ng oras mawalan ng tindera, yung panahong wala pa sa

wisyo ang lalaking nagmamakaawa ang baga ng isang stick ng asul.

Habang naglalakad papalayo, napansin niya ang isang babaeng sumusuka sa may gilid na poste ng tindahan, halos hindi marinig ng kahit sino sa sobrang lupit sa pagtago ng presensya nito. Naisipang silipin ng lalaki ang namataang dalaga na mistulang prosti sa kabaret na nasa bungad.

"Miss, ayos ka lang?" Nag-aalalang tanong ng lalaki.

"Huheushughhhh....." Pansing nakailang labas na ng suka ang babae sa panghihina ng katawan nito sa puntong hindi na kayang tumayo nang hindi nakakapit sa poste, at masyadong malaki na ang basang parte ng kalyeng pinaliligiran ng suka niya. Hindi ito makasagot at parang pikon ang mukha habang nakatitig sa lalaki matapos

tanungin ang kalagayan niya.

"Baka gusto mo—"

"B-bwisit ka!..... Kita mong sumusuka ako—tatanungin mo kung ayos lang ako??!" Madiing giit ng babae, kitang-kita na sa mukha niya na nagngingitngit siya sa nagmamasid ng lalaki sa harapan niya habang dumuduwal.

"Pasensya na, baka kasi may maitulong ako sa'yo... Nagbabakasakali lang."

"Nagbabakasakali? Na parang dapat mo'kong tulungan?" Sarkastikong banat pabalik ng babae. Napailing ito sa narinig.

"Gusto ko lang makatulong kako, baka may kai—"

"May sinabi ba'ko? Ipinag-tanong ba kita diyan sa tabi-tabi para tulungan ako?"

"Hindi... Sorry talaga."

"E ano pang tinatayo-tayo mo diyan?" Natigilan ang lalaki, saka pumasok sa isip na lumisan na parang batang hindi pinagbigyan ng magulang bilhin ang gusto sa grocery. Puno ng kahihiyan sa sarili at lugmok sa pagsisisi. Habang naglalakad, narinig niya ang isa pang babaeng lumapit sa kinalalagyan ng sumuka, mukhang sasabog na sa emosyon.

"At sa'n ka naman galing, Elisa?!" Madiing sigaw ng babae kay Elisa habang nagpipigil ng tawa sa tinitignang sandals ng babae na nakaapak sa sarili niyang suka.

"Iyan oh!" Sabay turo sa inaapakan ng babae, may

halong pang-aasar pa ang boses nito habang nakangiti.

"Ay!" Napa-angat ng paa ang babaeng busangot na nga sa kasukdulan ng takot, minalas pa sa kinaroroonan. Nakalingon lang at nagmamasid sa dalawa ang lalaki, may pag-aalinlangangan na bumalik para kausapin si Elisa, tila may binabalak para sa sarili. Sa pagdadalawang-isip, inabot na siya ng ilang segundo hanggang sa mapagtanto na wala na sa sulok ng paningin ang dalawang babae, at nagmukhang tanga lang siya sa posturang nakalingon na tila may tinititigang nakakalibog sa mata. Napansin niya na pinagtatawanan na lang siya ng mga nagyoyosi sa tawid, mga regular sa kabaret na humihithit bago mamroblema na wala nang kapal ang mga pitaka pagtapos umaksaya ng oras sa loob nito.

"Pogi, titig na titig ka!" Biglang sigaw ng isa, may

hawak pang maikling pula, na halos dalawang hithit na lang, sagad na sa dulo ang sindi.

Hindi na ninais pansinin pa ng lalaki ang mga kumukutya sa katangahan ng presensya niya. Agad din itong tumalikod at lumakad papalayo, hindi papunta sa daan pauwi, tila wala na ito sa sarili, o sadyang inabot ng hiya sa nangyari, at ginusto na lang maghanap ng ibang ruta pauwi, na alam niya sa sariling imposibleng mangyari.

3

"Antonia, oh my Antonia! Ang aking minamahal na Antonia! Ibig mo bang mahalin ang tulad ko, kung isa lamang akong lantarang gago?!" Umaalingawngaw ang paulit-ulit na kanta nito ng isa sa mga lasinggero na sinusundo na ng kanyang asawa sa kabila ng disoras na

gabi na walang sinasanto ang kapahamakan sa pagdating nito sa buhay ng isang tao.

"Nako, tigil-tigilan mo nga yan, Patrick! Anong oras na—wala ka yatang balak uwian mga anak mo!" Pikon na pasigaw ni Antonia. Nabawasan ang amats ng lasing, napatingin pa sa tropa bago tuluyang lumakad habang hila-hila ng asawa ang tainga nitong nakapulupot.

"Ito naman, uuwi na nga eh..." Sabay lingon sa bagong boteng hindi pa nangangalahati, puno ng panghihinayang sa sariling desisyon na nagdulot sa sariling konklusyon na matigil ang pagsasaya. Sabay-sabay na lang na napa-iling ang magbabarkada habang nagpipigil ng halakhak nang mapansing gumana ang plano nilang ipagsabi sa asawa ang kinaroroonan ng tatay.

Hindi gumalaw ang lalaki habang pinapanood ang

eksena, hanggang sa humupa ito, agad ding natanggal ang pagiging imbisibol nito sa mata ng iba. Nakita niya na sinesensyasan siya ng isa sa tambay na lumapit habang may hawak na kalahati ng basong plastik na ginamit nilang magto-tropa sa kada shot. Pati mismong basong hawak ay hinihila na siya paupo sa upuang binakante ng mag-asawa. Dahan-dahang lumapit ang lalaki, kala mo'y isang batang pinapakilala sa mga kamag-anak na perstaym magkita.

"Shot!" Alok ng isa, inabot nito ang baso at binigyan ng iilang segundo ang lalaki bago nito tuluyang napagdesisyunan na tunggain ang malamig na serbesa na pinaliligiran ng yelong nagsisiksikan sa loob.

"Yooooooonnnnn!!!!" Hiyaw ng mga lasinggero, habang pumapalakpak na tila may nanalo sa isang kompetisyon. Napangiti ang lalaki, kita sa mukha ang

nakakatuwang pangyayaring hindi niya inasahan. Pasado alas tres na ng madaling araw at nagawa pa nitong makihalubilo sa mga hindi niya kilala.

"Oh, isa paaaa!!" Buyo ng tambay sabay abot ng basong lampas kalahati ang laman.

"Nako baka mahilo na'ko, ya." Sambit ng lalaki.

"Ang aga-aga pa oh! Nagmamadali ka naman umalis. Dito ka muna!!" Buyo ng isa sa tambay.

"Yoko na talaga, mga ya! Sensya na, kakagaling ko pang trabaho eh."

"Alam mo, sa tinagal mong dumadaan dito at tuwing nakikita ka namin, di kami makahanap ng tyansa para mayaya ka tumagay... Ngayon lang."

"Opo..." Walang basehang pagbanggit ng lalaki, kulang na lang takbuhan niya ang mga tambay para makatakas sa pinasok niyang sitwasyon.

"Kaya ngayong niyayaya ka na namin, huwag mo na kaming iwasan, oh! Sayang tagay tol, tutal wala na rin naman si pareng Henry." Hati ang pag-iisip ng lalaki sa narinig, ramdam niya na hinihila siya ng kagustuhan niyang tumuloy, ngunit pinipigilan ng hapdi ng kapaguran sa katawan matapos ang mahigit dose oras na trabaho, kung hindi sana na-late sina Eunice na kapalitan nila sa duty, hindi sana todo ang pagod nito.

"Sige, mga boss. Pero hindi na'ko magpapaabot ng alas kuwatro, ha!" Paalala ng lalaki.

"Oo naman! Tara, upo!...." Anyaya ng isa sa mga tambay. "Ano nga palang pangalan mo, tol?"

"Roland, boss." Gumulat kay Roland ang biglang sigaw ng isa sa mga tambay.

"Ay putang ina! Tukayo pala kita e!" Sambit ni na may halong selebrasyon.

"Ganu'n po ba, he-he-he..." Tawa ni Roland sa lalaki. Pinagmamasdan niya lang ang mga nakikita, anim na lalaking palagi niyang nakikita na nag-iinuman sa labas, tila hindi nauubusan ng ginugunitang kung ano mang pangyayari sa mga espesyal nilang buhay, tugon ni Roland sa sarili, kaunting inggit ang naramdaman nito nang mapagtanto, at nawala sa sarili.

Kung makapag-inom e parang walang bukas, isang case palagi ng red horse, halos isang galong tubig na binuo para maging yelo, at bawat tsitsiryang makikita mo sa grocery, lalo na ang Mang Juang berde. Wala na sa isip

niya ang magpanggap na interesado sa bawat buhay ng mga kasama niya, gusto na lang gugulin ang iilang minuto para lumaklak ng alam niyang magpapatulog sa kanya ng maaga, nang sa ganu'n ay mapuksa ang sariling takot sa mga bawat bagay na kinukwestiyon ang pagiging totoo ng mga ito. Alam niya man ang kahihinatnan ng paglabag niya sa sariling pag-aaruga ng katawan, sige pa din siya sa nakarinding mabagal na pagpapatiwakal.

Lumipas ang ilang minuto, napatingin si Roland sa relong suot, quarter to 8 na din. Pansin na din niyang nakarami na siya ng lagok, umaalog na paningin niya, pero nakakayanan pa naman kahit papaano, nagawa pa ngang mabasa ang kasalukuyang oras. Tumayo ito at nagpaalam.

"Mga boss, una na'ko! Maaga pa'ko bukas." Kulang na lang ay magdasal ito sa bawat santong pumasok sa utak

niya, sa kabila ng posibilidad na napakalabo pa. Ramdam na din naman niyang pipigilan siyang umalis ng mga ito.

"Mamaya na, i-saktong alas kuwatro mo na yung pag-alis mo, tol." Sambit ng isa.

"Medyo masakit na din kasi ulo ko boss e!" Habang hinihimas ang noo, at sintido niya, maasim ang mukha at tila tutumba.

"Basta, sa susunod tagalan mo dito ah! Ket wala ka nang ambag, basta andito ka lang."

"Hala, grabe naman yun, boss. Ang kapal naman ng mukha ko niyan." Sagot ni Roland, natawa ang mga kasama, na parang hindi sineryoso ang sinabi sa kanila ng lalaki.

"Di, gago! Gusto ka lang talaga namin makasama

nang matagal-tagal, e ayaw naman namin na hingan ka ng pabor na bigyan mo kami ng oras, tapos obligado ka pang mag-ambag, kami na nga nang-abala sa'yo, tol."

"Sige po, kapag maaga ako nakauwi bukas, boss—rerekta na'ko dito kaagad."

"Oh, narinig niyo yun ah!! Witness kayong lahat sa sinabi ne'to!" Sigaw ng isa habang tinitignan ang bawat mata ng mga tropa, may pa talumpating pagbigkas pa ang hayop.

"Huwag mo kaming papaasahin, pre." Pahabol pa ng isa.

"Pero kung sakali lang na makauwi ako nang mas maaga, dun ako sasama!" Paglilinaw ni Roland.

"Basta't mag-iingat ka sa daan, boy... Mahirap na,

sabog ka na sa nainom mo."

"Pwede na'ko umuwi, mga boss?"

"Sige na, sige na, sige na!" Pagtango ng tatlo sa magto-tropa. Agad ding lumisan si Roland, may pangangapa pa sa paglakad kung kayang tumuloy, at pag-alog ng ulo sa intensyong ma-klaro ang paningin, buti na lang at hindi pa ito nasusuka, sa hindi magandang relasyon niya sa alak, malaking himala na ang kayaning makauwi nang hindi nadidisgrasya, o maligaw sa tinatahak na daan. Sa kabigatan pa ng bitbit na bag, kulang na lang ay sumuko na ang katawan nito sa pinapasang kagaguhan ng tarantadong binatilyo na gumawa ng katangahan para sa sarili.

4

Gumegewang ang paglakad ni Roland, halos makaistorbo na siya sa bawat nilalakad na kabahayan, at mga istambay ng kalsada, yung iba'y napapailing na lang sa awa, o puno ng mapapait na panghuhusga sa lalaki. Ang maganda'y wala na siya sa sarili para pansinin pa ang walang importansyang matahimik na pagpuna sa kanya ng ibang tao, sa kabila ng pagiging isang duwag, at malala ang takot mula sa panghuhusga ng kapwa, nagawa niyang maging mangmang mula sa sariling kinatatakutan, tila isang malupit na istratehiya para malampasan ang walang katuturang takot na kumakain ng sistema niya sa tuwing nakakaramdam ng presensya ng ibang tao.

Halos dalawang mahaba-habang kanto na lang, papasok na siya sa mabahong entrada ng Barangay 420, na kahit sa tawid, ay umaalingasaw ang baho ng kanal na

hindi inaayos ng pamahalaan ng Barangay, akala mo may bangkay na ng kung ano-anong hinayupak sa tindi ng nakaka-surang amoy. Bago pa naisipang tumuloy ni Roland sa pag-uwi, pumasok muna siya sa Mercury na hindi nagsasara sa lugar, kahit gaano kadalas manakawan ng kung sino-sino, sige pa din ang operasyon. Rumekta sa bandang beverage section, at kumuha ng Royal na maliit, nagpalamig muna at unti-unting nahihimasmasan ang lalaki sa loob, habang pinagmamasdan ang iba't-ibang klase ng tsitsirya at biskwit sa loob. Tanda niyang may 30 na lang siya sa wallet niya, kakasya lang para sa Royal, pero inabot ng kademonyohan ang deputa, at dumukot ng cream-o na maramihan para isuksok sa loob ng brip, na tila pinagmumukha pang ari niya ang siniksik. Napansin niyang masyadong umbok ang biskwit kaya pinalitan niya ng dalawang cream-o na tatluhan lang ang laman, at muling

inipit sa brip. Tsaka dumeretso sa counter para bayaran ang Royal na mamasa-masa na sa pag-moist sa katagalang wala na sa ref. Bago mag-abot ng bayad, tinignan ni Roland ang mukha ng kahera, binabasa sa utak nito kung napansin kaya ng babae ang katarantaduhan niya, o safe lang. Mukha namang safe, isip-isip niya, pero hindi niya kayang paniwalaan ang sariling pananaw sa mga oras na yun dahil sa kalasingan na hindi pa natatanggal ang amats.

"27.75 po." Sambit ng kahera. Pagka-scan ng Royal. Inabot ni Roland ang trenta pesos na barya, atat pa sa sukling ibibigay. Binigyan siya ng dos ng kahera, dismayadong kinuha ni Roland ang sukli habang bumabagabag sa kanya ang kulang na bentsingko sa sukli.

Paglabas ay agad ding binuksan ni Roland ang bote at nilagok ang halos ¾ na laman nito. Tuluyan nang

nahimasmasan ang binatilyo, at nakaramdam ng kaunting ginhawa, pero hindi nawala ang matinding sakit ng ulo niya na pumipigil sa kanya na dumilat nang maayos.

"Kuya, barya lang po..." Nanghihinang palimos sa kanya ng isang batang babae sa gilid ng Mercury, walang nagawa ang binatilyo kundi ibigay ang natitirang dos sa pera. Sa kabila ng maliit na limos ay lubos pa din ang pagpapasalamat ng bata at nagawa pa nitong ngumiti sa kanya.

"Dito ka bukas?" Matamlay na tanong ni Roland, habang babagsak na ang mga mata sa nararamdamang hapdi ng ulo.

"Opo!" Tugon ng bata. Tumango ang lalaki at nagpatuloy sa paglakad pauwi. Habang papalapit sa entrada ng Barangay, napa-dukot ng panyo ang binata mula sa

bulsa ng puwetan ng pantalon para ipantakip sa umaalingasaw na baho, pero ngayo'y tila kakaiba ang amoy, at mas masangsang kaysa sa karaniwan. Pagpasok ay pansin niya ding wala nang katao-tao sa loob, kutob niyang nasa yosian lang ang mga tao.

Sa sakit ng ulo niya, hindi na pumasok sa isip niya ang tinatahak na daan pauwi. Halos lahat ng kalsada sa 420 ay masikip na iskinita, o saktuhang lawak ng daanan papunta sa court ng Barangay. Marami-rami ang iskinita na iba-iba ang daanan pero walang koneksyon sa iba pang mga iskinita, kaya't isang maling pasok ay walang rutang sasalba sa taong pinasok iyon. Talagang mapipilitan bumalik sa pinanggalingan at siguraduhin ang rutang dinadaanan bago magpakatanga sa isang bagay na walang kawala kung kritikal ang oras ang sinasayang. Makalipas

ang iilang segundo, natunton niya ang kalye ng Responde, ang *smoking area* ng Barangay 420, matindi—parang call center lang ang ganap sa buong Barangay para magkaroon ng isang lugar na maging tagasilbing yosian ng buong pamayanan.

Sa tuwing napapadaan siya sa Responde gabi-gabi, naaalala niya ang panahong hindi pa nakaka-labo ng paningin ang makapal na usok na pumapaligid sa lugar, batang-bata pa siya noon. Panahong kahit saang sulok ng buong Barangay ay pwedeng mag-yosi, habang pinipilit ipamukha na isang tipikal na komunidad lang ito. Nung nagkaroon ng eleksiyon noon, nag-iba ang takbo ng buhay ng 420, nakaranas ang lahat ng hindi nakaugaliang pamamaraan ng pamumuhay dahil sa higpit ng pumalit na Chairman ng Barangay. Isa na ang mahigpit na ipinagbawal

ang paninigarilyo sa loob, nguni't tumutol ang karamihan sa walang basehang hadlang sa normal na estado ng 420 pagdating sa kahit anong bagay maliban sa krimen; kompromiso ang demokratikong pamumuhay ng komunidad na hindi tutol sa kahit anong kagustuhan ng kahit sino, bukod lamang sa mga inaapakan ang ibang tao para makamit ito. Napilitang umamin ng Chairman na may problema sa baga ang kanyang asawa, para maipaliwanag ang sariling kagustuhan na ipagbawal ang paninigarilyo, pero nagkataong binigyan siya ng suhestiyon ng mismong asawa na bigyan ang isang lugar sa loob ng layunin na maging santuwaryo ng mga umuusok na lason, ang Responde na siyang natatanging pinakamalayong lugar mula sa bahay, at opisina ng Barangay, at isa sa mga lugar na hindi matatahak nang basta-basta sa dami ng proseso bago makarating.

5

"Uy! Aga mo naman para bukas!" Sarkastikong banat ng isa sa mga natagpuan ni Roland sa Responde na si Ronel.

"Napa-inom ako dun sa may ano—bandang seaoil."

"Oh, may mga kakilala ka pala dun?"

"Wala, bigla lang nila ako niyaya nung nawalan sila ng isang tropa, ako yung pumalit."

"Ano 'yan, Sub Hahaha!" Hagikgik ni Ronel habang nilalaro ang usok ng yosi, at ginagawang bilog.

"Oo, par. Tas bukas pinapasama ulit nila ako."

"Tindi ah! Nasa getting to know each other stage na yata kayo." Pinipilit na lang bumanat ng kung ano-ano ni Ronel na parang payaso sa harapan ng lasing, may mapag-

usapan na lang talaga.

"Matindi talaga, libre pa daw ako bukas kung sasama ako e."

"Ayos—ayos...." Matipid na tugon ni Ronel.

"Sige, una na'ko tol." Pumipintig ang sintido ni Roland, kaya't napahimas ulit dito, at napakunot ng noo. Lumakad na siya papalayo, at nakaramdam na ng kaunting pananabik dahil ramdam na niya ang pag-uwi, ngunit humahadlang sa paglakad niya ang masangsang na amoy na kanina pa niya naaamoy bago pa lang pumasok sa Barangay, bago sa pang-amoy at walang kahalintulad, kaya't malaki ang pagtataka ni Roland sa bawat hakbang.

Lumala ang pagkirot ng ulo niya sa puntong hindi na niya tinitignan ang nilalakad, kahit hindi kamungka-

mungkahi sa dami ng tae na nakakalat sa daan, galing sa hayop, tao, o kung ano mang hinayupak ang nagkalat sa lugar. Sa kada yapak na ginagawa sa bawat loobang pinapasukan, at nilalampasan, walang ka-ide-ideya si Roland kung ano na ang naaapakan at dumidikit sa malapit nang bumigay na sapatos niya na ginagamit niya ng mahigit limang taon na. Isa na lang ang pakay niya sa ngayon, ang makauwi nang maayos, at makapagpahinga hangga't maaa—

....

Biglang nasubsob ang binata sa pumatid sa kanyang nanlalambot na mga paa, buong katawan ay bumigay sa nangyari, umumpog sa kalye ang mukha, at pinasan ng buong likuran ang bigat ng bag sa pagbagsak, tila sinikmuraan ang binata sa naramdaman, at nawalan ng

malay, at boses. Ang huli na lang niyang nasaksihan bago tuluyang mapapikit ay ang daliring nakasilip sa lawak ng paningin niya, at ang pinakamalaking kanal ng buong Barangay sa Gerilya.

6

Kung mahal mo ang isang tao, dapat mo ba itong paghintayin nang walang dahilan? Aalagaan mo ba sila? Pagtataksilan? Ibibigay sa dilim kung utusan ka nito para sa sarili mong kagustuhan? Kahit ang natatangi mo'ng kagustuhan ay ang makapiling ang mahal mo. Kahit nakasulat na sa pader ang magiging kahihinatnan ng relasyon niyo kung itutuloy mo man, may bayag ka ba para ipaglaban ang hindi dapat ipaglaban? Kaya mo bang baluktutin ang reyalidad na ang mali ay gawing tama? Kung mahuhumaling ang isang tao sa iba dahil sa pisikal

na itsura nito, hindi ba't parang pinatutunayan mo lang sa sarili mo na isa ka'ng taong pinagtutuunan ng pansin lamang ang pang-estetikong kadahilanan? Wala namang mali duon, pero kung itinuro sa'yo ng lola mo na dapat kung magmamahal ka, ay bigyan mo ng pansin ang lahat salik na nakapaloob sa isang tao bago pumili ng tamang desisyon kung itutuloy ang pag-hanga hanggang mapunta sa pagmamahal ang nararamdaman.

"Hoy, Ron—" madiing pagtawag ng ka-trabaho nito habang naghihintay ang isang lalaking mamimili sa harapan ng counter, may hawak na Mentos na mahaba, 1.5 na Coke, at malaking Piattos. Pansin niya din ang dalawa ng bote ng Smirnoff at napagtantong may kasama siguro ang lalaki, tinignan niya ang labas at nakita ang isang naka-park na kotse, may babae sa loob na naghihintay,

sabay bumalik ang tingin sa lalaki.

"May balak ka ba'ng mag-scan?" Dinig ang pikon sa boses ng lalaki habang nakatitig sa kanya.

"Sorry po." Kinuha isa-isa ni Roland at ibinalot ang pinamili, saka binigay sa lalaki, napailing na lang ito sa pikon at malalim na pagbuga ng hininga ang nagawa ng ka-trabaho ni Roland sa kaluwagan ng pakiramdam matapos makitang hindi na nag-reklamo ang lalaki sa counter. Nang umalis ang kotse, agad ding nilapitan nito si Roland.

"Tol, may problema ba?" Nag-aalalang tanong ng ka-trabaho.

"Wala, wala. Sorry, Paul!" Napawigwig ng ulo si Roland, sinampal nang mahina ang sarili.

"Kung gusto mo, ako muna diyan sa counter,

pumikit ka muna sa storage." Alok nito, umiling si Roland at nanatili sa counter.

"Sigurado ka?"

"Oo, salamat sa concern." Tumuloy sa pagwalis si Paul, at naupo na lang sa gilid ng counter ang binata habang ipinapahinga ang utak. Gustuhin man, ngunit bumabagabag sa kanya ang pananabik kay Eunice. Hindi lubos akalain ni Roland na papalitan ng management ang iskedyul ng mga trabahador kaya't natengga siya na kasama ang lalaking ka-trabaho kahit mas lubos niyang gugustuhing bumalik sa panahong si Eunice ang kasama niya.

7

Ramdam ni Roland ang sementong pinag-kuskusan

ng mukha niyang naliligo sa sariwang dugo mula sa sugat ng pag-talisod. Ang bigat ng bag na halos baliin ang likuran niya, at ang paang namamaga sa pilay. Agad siyang tumayo, pero sa panghihina ay bumagsak din kaagad, sinubukan ulit tumayo at linisin ang sarili ng panyo habang kinukuskos ang mga mata, ang isa'y hindi gaanong mai-dilat. Nang matapos sa pagkuskos, ay lumantad sa kanya ang isa pang katawang nakahandusay sa kanal kung saan siya mismo napatid. Hubo't-hubad, Nakausli ang nalinsad na braso sa kalye, ang ulo'y nakalublob sa daluyan ng tubig, nangangamoy ang bangkay, habang natutuyot na ang mga dugong nagpaligo din sa katawan nito na nagmula sa hindi mabilang na saksak sa tagiliran at bandang dibdib ng katawan, tago ang mukha dahil nakataklob ang mahabang buhok nito. Umalingawngaw sa buong Gerilya ang malakas na sigaw ni Roland, walang pagkakabuklod, purong

emosyon na inilabas ng matinding takot ng isang taong walang magawa sa kasalukuyang nakikita. Unti-unting dinig ang mabibilis na mga hakbang mula sa malayo, galing sa Responde, ngunit bingi na siya sa sariling ulirat.

.-.-..